Introduction to Biblical Christian Worldview

© Conrad Jun Tolosa
Revised March 20, 2020

Part One – Ang Tamang Pananaw

▪ Malalaman Natin ang Kalooban ng Diyos

Mababasa natin mula sa Genesis 6 ang kuwento tungkol kay Noah at ng dilubyo (ang paggunaw ng mundo sa pamamagitan ng baha). Sinasabi ng Bibliya na noong panahon na iyon, sukdulan ang karimlan sa mundo. Ang patuloy na pinag-iiisip ng sanlibutan ay pawang kasamaan lamang.

Subalit si Noah ay isang matuwid na tao. Ipinahayag ng Diyos ang gagawin Niyang paggunaw ng mundo at sinabi Niya kay Noah kung paano siya at ang kanyang sambahayan makaliligtas. Ang matuwid na tao ay yaong may pagtitiwala sa salita ng Diyos na nauuwi sa pagsunod sa Kanyang kalooban.

Si Noah ay taong gumagawa ng tama sapagkat mayroon siyang tiwala sa katotohanan ng salita ng Diyos. Siya at ang kanyang asawa, tatlong anak at kanilang asawa lamang ang naligtas sa kamatayan nang dumating ang bahang bumalot sa buong mundo.

Tulad ni Noah, malalaman din natin ang kalooban ng Diyos sapagkat ihinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa atin. Ang pagpapahayag ng katotohanan tungkol sa kalooban, katangian, at kautusan ng Diyos ay isinasagawa Niya sa pamamagitan ng dalawang paraan. Una, sa pamamagitan ng sangnilikha. Marami tayong matututuhan tungkol sa Diyos sa pagaaral ng kalikasan, ng sangkap nito at mga batas na dito ay nagpapagalaw. Subalit hindi lamang sa kalikasan ihinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili.

Sa katauhan ng mga propeta sa Lumang Tipan, itinuro ng Diyos sa mga Israelita ang paraan upang makapamuhay ng tama o matuwid. Ang mga apostol at propeta sa Bagong Tipan naman ay nagsalita sa Iglesya ukol sa katuparan ng mga hulang taglay ng Kasulatan na tumutukoy sa pagdating ng Mesiyas. Sa loob ng mga 30 taon, si Jesus ay namuhay sa lupa at nangaral tungkol sa Diyos at sa Kanyang kaharian. At ang mga pahayag na ito na ginawa ng mga propeta, ng mga apostol, at ng Panginoong Jesus ay isinulat ng mga 40ng tao sa loob ng mga 1,500 years, sa ilalim ng masusing pamamahala ng Banal na Espiritu.

Marami sa ating kaugalian ang salungat sa mga pahayag ng Diyos; tulad ng pagtatawas, panghuhula o pangkukulam. Sa iba't ibang probinsya, ginagawa pa rin ang pag-aalay ng patay na hayop sa "diyos" para sa pagpapatibay ng isang gusali o tulay na kanilang ginagawa. Mapa Pinoy, Tisoy, o Chinoy man, may kanya-kanya tayong mga pinaniniwalaang mabuti at tama ngunit labag naman sa batas ng Diyos. Ito ay nagpapatunay na ang ating pagtitiwala ay wala sa salita ni Cristo.

Ang tunay na katotohanan ay hindi nagmumula sa mga pangangatuwiran, pakiramdam, kaugalian, karanasan o sa haka-haka ng tao kundi sa Diyos lamang.

Malalaman natin ang katotohanan sapagkat ihinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa tao.

Ang isang pananaw na nakabase sa katotohanan ay magbubunga ng mabuting moralidad na magbubunga naman ng tamang pamumuhay.

Pag-isipan at Sagutin:

- Basahin ang Ephesians 2:10. Ano ang plano ng Diyos para sa iyong buhay?

© Revised March 20,2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.